

# Paano makilala ang tagapanayam

Noong Hulyo, nagsimula na ang mga tagapanayam sa pag-interbyu sa mga sambahayan sa buong bansa na hindi pa sumasagot online, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng koreo sa 2020 Senso. Gumagawa ang Kawanihan ng Senso ng U.S. upang makumpleto ang pagkolekta ng data nang mabilis at ligtas hangga't maaari, habang sinisiguro ang kumpleto at wastong bilang habang nagsusumikap itong sumunod sa batas at sa mga itinakdang huling araw ayon sa batas.

## Tingnan ang kanilang badge

Magpapakita ang lahat ng empleyado ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ang opisyal na ID badge. Kasama rito ang:

- Kanilang pangalan
- Kanilang litrato
- Watermark ng Kagawaran ng Kalakalan
- Petsa ng ekspirasyon

## Ano ang hahanapin:



Opisyal na bag ng 2020 Senso



iPhone na inisyu ng Kawanihan ng Senso

## Kung hindi ka sigurado, maaari kang makipag-ugnay sa Kawanihan ng Senso ng U.S.:

Kapag hiniling, ibibigay ng tagapanayam ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng kanilang superbisor at/o numero ng telepono para sa lokal na sentro ng senso sa rehiyon ng Kawanihan ng Senso.

Ang sentro ng senso sa rehiyon ang nangangasiwa sa mga aktibidad ng lahat ng tagapanayam na nagbibilang sa mga komunidad, at nangangasiwa sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa mga ito.

## Paano iiwasan ang pagbisita mula sa isang tagapanayam:

Karamihan sa mga sambahayan (mga magkakasama sa tirahan) ay nakatanggap ng imbitasyon makibahagi sa 2020 Senso. Ang pinakamahusay na paraan para maiwasan ang tagapanayam sa tirahan ay kumpletuhin ang 2020 Senso online, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng koreo.

Kumonekta sa amin:

**@uscensusbureau**

Para sa higit pang impormasyon:

**2020CENSUS.GOV**

**Bigyang hugis ang iyong kinabukasan**
**MAGSIMULA DITO ›**

United States Census 2020

D-FS-GP-EN-500